

Teknolohiyang Pantulong

Ang pagpapakahulugan ng serbisyo at mga limitasyon na nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga detalye at kinakailangan. Para sa mga pamantayan ng serbisyo, mga limitasyon, uri at kwalipikasyon ng tagapagbigay, at impormasyon tungkol sa pagbabayad, sumangguni sa naaangkop na Medicaid HCBS DD Waiver.

Pagkakaroon ng Waiver

- A. Komprehensibong Waiver para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (CDD).
- B. Waiver para sa Araw ng Matanda ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDAD).
- C. Waiver ng Suporta sa Pamilya (FSW).

Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang Teknolohiyang Pantulong ay isang kagamitan, aparato, o kasangkapan na ginagamit upang mapataas ang kakayahan ng isang kalahok na tapusin ang mga gawain sa araw-araw o kontrolin ang kanilang kapaligiran sa kanilang pribadong tahanan o tahanan ng pamilya. Ang paggamit ng teknolohiyang pantulong ay maaaring bawasan ang pangangailangan ng kalahok para sa tulong ng kawani.

Mga Kondisyon ng Pagkakaloob

- A. Pinipili ng isang kalahok ang bawat serbisyo batay sa kanilang pangangailangan.
 1. Ang mga serbisyo ay dapat na magpataas ng kasarinlan at integrasyon sa komunidad; at
 2. Ang napiling mga serbisyo sa pag-iwas at kung sino ang nagbibigay nito ay dokumentado sa Individual Support Plan (ISP) ng kalahok.
- B. Kabilang sa Teknolohiyang Pantulong ang:
 1. Pagbili o pag-upa ng kagamitan, aparato, o kasangkapan;
 2. Pagdidisenyo, pag-aangkop, pagkakabit, pagpapanatili, pag-aayos, at pagpapalit ng mga bagay ng teknolohiyang pantulong;
 3. Koordinasyon at paggamit ng mga kinakailangang terapiya, interbensyon, o iba pang serbisyo sa ISP kasama ang mga kagamitan ng teknolohiyang pantulong;
 4. Pagsasanay para sa isang kalahok at iba pang mga miyembro ng tahanan; at
 5. Pagsasanay para sa isang tagapagbigay ng suporta na tumutulong sa kalahok sa kanilang tahanan.
- C. Ang mga halimbawa ng Teknolohiyang Pantulong ay kinabibilangan ng ngunit hindi limitado sa:
 1. Mga kagamitan sa komunikasyon;
 2. Espesyal na mga kama; o
 3. Mga Hoyer lift na hindi nakakabit sa pader.
- D. Ang Teknolohiyang Pantulong ay may mga sumusunod na limitasyon:
 1. Ang lahat ng teknolohiyang pantulong ay kailangang ibigay alinsunod sa mga naaangkop na pambansa o lokal na kodigo sa konstruksiyon o mga pamantayan sa paggawa, disenyo, at pag-install.
 2. Ang isang bagay na higit sa \$500 ay kailangang may paseguro o isang pinalawak na garantiya.
 3. Ang isang bagay na walang paseguro na nasira, nanakaw, o nawala ay maaaring palitan isang beses tuwing dalawang taon.

4. Maaaring kailanganin ng DDD ang isang on-site na pagsusuri ng isyu sa kapaligiran mula sa isang angkop na propesyonal na tagapagbigay ng serbisyo na nakarehistro sa Medicaid. Ang pagsusuri ay ibinibigay sa ilalim ng Pagsusuri ng Pagbabago sa Kapaligiran.
5. Ang Teknolohiyang Pantulong ay hindi maaaring mag-overlap, magpalit, o magdoble ng ibang katulad na serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng Medicaid. Dapat alamin ng isang kalahok kung babayaran ng Medicaid ang teknolohiyang pantulong bago humiling ng serbisyong ito.

Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

Ang impormasyong nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga kinakailangan para sa tagapagbigay. Ito ay nilalayong maging pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay ng partikular na serbisyong DD na ito.

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
 1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na mga titulo ng Nebraska Administrative Code at Pang Estadong Batas ng Nebraska;
 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Division of Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
 4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay sa DHHS sa kahilingan; at
 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang Teknolohiyang Pantulong ay maaaring ialok ng isang nagbebenta.
 1. Ang isang vendor ay isang kumpanya o ahensya na nakarehistro bilang tagapagbigay ng Medicaid, ngunit hindi sertipikado bilang tagapagbigay ng DD.
- C. Ang Teknolohiyang Pantulong ay maaaring pamahalaan nang mag-isa.
- D. Ang kamag-anak ng kalahok, ngunit hindi isang tagapag-alaga o iba pang legal na responsable na tao ng kalahok, ay maaaring magbigay ng Teknolohiyang Pantulong kapag natugunan nila ang ibang mga kinakailangan. Dahil ang serbisyong ito ay tanging mula lamang sa mga nagbebenta, kailangang maging empleyado ng isang nagbebenta ang kamag-anak.

Mga Singil

- A. Ang Teknolohiyang Pantulong ay kailangang bilhin sa loob ng taunang indibidwal na badyet ng kalahok.
- B. Ang Teknolohiyang Pantulong ay binabayaran bawat item.
- C. Ang Teknolohiyang Pantulong ay may taunang limitasyon sa badyet na \$2,500.
 1. Maaaring humiling ang isang kalahok ng karagdagang pondo lampas sa taunang limitasyon ng badyet dahil sa isang kritikal na pangangailangan sa kalusugan o kaligtasan.
 2. Ang pag-apruba ng DDD ay nakabatay sa magagamit na pondo.
- D. Ang isang nagbebenta ay hindi maaaring maningil ng higit kaysa sa kanilang sisingilin sa karaniwang publiko. Ang isang nagbebenta na nag-aalok ng diskwento sa isang tiyak na grupo ng mga tao, tulad ng mga estudyante o senior citizens, ay kailangang mag-alok ng parehong diskwento sa isang kalahok sa grupong iyon.
- E. Ang gastos sa transportasyon ay hindi kasama sa rate para sa Teknolohiyang Pantulong.